**Montiel, Cristina Jayme. 2007. *Living and Dying: In Memory of 11 Ateneo de Manila Martial Law Activists.* Quezon City: Ateneo de Manila University Press.**

Tatlumpo't limang taon na ang nakaraan mula nang maiproklama ang batas-militar sa ating bayan noong ika-21 ng Setyembre 1972. Ito ang araw na nagbigay ng di mawaring sakit at kawalan sa puso ng maraming ina, ama, mga kapatid at kaibigan sa di makatarungang pagdampot at pagpapahirap sa mga kabataang sumalungat sa maykapangyarihan ng diktadurang pamahalaang Marcos. Habang binabasa ko ang aklat na *Living and Dying* ni Cristina Jayme Montiel ay napukaw ang halos natabunan nang alaala ng mga kabataang bukas-palad nagbigay ng sarili para sa bayan sa mga panahong iyon ng *martial law*. Sila ang labing-isang kabataan ng unibersidad ng Ateneo de Manila.

Para sa mga alaalang natabunan na ng alikabok at sapot ng mga pansariling mithiin at gawain nating mga Pilipino ngayon, ang aklat na *Living and Dying* ay isang amihang napapanahon upang gunitain ang mga kabataang tumugon at naghandog ng sarili para sa katotohanan at sa anumang kalayaang tinatamasa natin ngayon, tulad nina Ferdinand "Ferdie" Mirasol Arce, William Vincent "Bill" Acuña Begg, Artemio "Jun" Somosa Celestial, Jr., Manuel "Sonny" Llanes Hizon, Jr., Edgar Gil "Edjop" Mirasol Jopson,Emmanuel Agapito "Eman" Flores Lacaba, Dante Dizon Perez, Abaraham "Ditto" Pascual Sarmiento, Jr., Lazaro "Lazzie" P. Silva, Jr., Nicolas "Nick" M. Solana, Jr., at Manny del Rosario Yap.

Ang payak na pamamaraan ng pagsasalaysay ni Cristina Montiel tungkol sa buhay ng labing-isang aktibista ng Ateneo de Manila bilang anak, kapatid, estudyante, kaibigan, Pilipino, at Kristiyano sa panahon ng batas-militar ay angkop na pamamaraan sapagkat agad nitong naiuugnay ang mambabasa sa buhay ng bawat tao sa aklat. Bagamat mukhang anino lamang nga manunulat ang ating naaaninag habang

binabasa natin ang aklat, tagumpay naman niya tayong inihaharap sa mga salita, kaisipan, desisyon, pagmamahal, at gawain ng mga taong kanyang inilalahad. Nabubuksan ng munti ngunit napakahalang aklat na ito ang isip at loobin ng mambabasa tungo sa isang pagsisiyasat o pagninilay bilang Pilipino at bilang Kristiyano habang pinapakinggan ang mga isinasaad ng kaisipan at loobin ng bawat buhay na naiguhit sa aklat. Angkop ang naihahandog ng aklat na ito ni Cristina Montiel sa ating mga kabataang naghahanap ng patutunguhan, mga magulang, propesyunal at lalong-lalu na sa mga relihiyoso at relihiyosang nanumpang tumugon sa tawag ng Diyos.

Naipagunita ni Montiel mula sa mga sulat ng bawat kabataang aktibista ang pagtubo at paglago ng tugon sa isang tawag o pangangailangan. Tulad halimbawa ng sulat ni Ferdie Arceo para sa kaniyang pamilya mula sa kabundukan:

> *"For one who is young, there is no better wish than to engage in the frivolities of youth. But then we realize that it becomes truly unjust for one to engage in "cakes" and "pastries" during the period of "'lugaw' and 'kamote' ".(p. 10)*

At ni Bill Acuña Begg:

> *"For it is basic to man to ask why? How, or what. Without Questioning, man loses his essentiality. Only through concrete conditions and conscientious investigations can man ever be an active agent in the transformation of the world and the movement for change toward just, independent, free and democratic societies…"(p. 18)*

Ganito ang naramdamang pagsisiyasat at pagninilay ng mga propeta sa Israel nang mga panahong narinig din nila ang tawag ng kanilang kapanahunan:

> *"Hindi ako karapatdapat magsalita para sa 'Yo Yahweh, sapagkat ako'y may pagkukulang"(Isaiah 6:5); "Ngunit Yahweh, hindi ako marunong sa pananalita: Ako'y isang bata pa lamang" (Jeremiah 1:6)*

Hindi man malinaw sa umpisa, ang tawag ay nanatili sa loobin ng bawat kabataang nag-alay ng sarili at unti-unting naglinaw at naaayon

sa tawag ng kalooban ng Diyos na angkop sa panahon. Ipinahiwatig ito ni Bill Begg sa kanyang sulat sa kanyang pamilya noong Setyembre 1974:

> *"I cannot in conscience continue my academic studies, nor do I have any ambition of pursuing a self-seeking job, settling down, and living a nice, peaceful and secure life. For this in effect would mean a compromise of inaction in the face intense economic crisis among the broad masses of people…" (p.24)*

Ipinakita ng mga kabataang aktibista ang tibay ng isang tugon kung ang pinag-uugatan nito ay pagsunod sa buhay ni Kristo na siyang nagpalago at nagpalakas sa kanilang paggiging lubos na "Tao para sa Kapwa" (Man for Others) na siyang motto ng bawat Atenista. Ayon sa isinulat ni Piet Penning de Vries, S.J. ang isang malalimang pagsiyasat sa kalooban (*discernment*) na naaayon sa kalooban ng Diyos ay nabibigyan ng kaliwanagan sa pamamagitan ng dalawang kompirmasyon. Una, na ito'y nakakapagbigay buhay sa simbahan/ sambayanan, at pangalawa, na ito'y nagbibigay ng kapanatagan ng loob at pagkalinga sa mga taong nagmamahal. (Vries 1975, 13). Sa sulat ni Ed Jopson sa kaniyang nakatatandang kapatid, kanyang isinasaad:

> *"Keep this in mind Inday, I have my own beliefs. I have my own principles. Maybe it's just a step. It's a means to an end. It's not the end. I know what I want to do. In the meantime, if this is the way I can help more people, then I will do my best." (p. 57)*

May mga personal na interbyu na ginawa si Montiel sa aklat na nagpapahiwatig ng pagmamahal at pagkamalapit ng mga kabataang ito sa kanilang pamilya, mga kaibigan, at mga taong nakasalamuha.

> *"Unlike others who put God aside, Sonny didn't set Him aside. The whole concept of Christian social justice permeated every aspect of his life and being. It was his reason for being…It was his life! There was unity of life in his person, in him: he believed in it and he did it." (Kaibigan ni Sonny Hizon p. 43)*

Naipakikita din sa aklat na *Living and Dying* ang mga suportang dumidilig sa isang tawag tungo sa paghahandog ng sarili para sa kapwa.

Ito ang mga gabay na nagpapamulat sa mapagbigay na pagmamahal ni Jesus tulad ng mapagkawanggawa na oryentasyon ng mga magulang, paggiging miyembro ng Altar Boys, Days with the Lord, mga gawaing outreach sa parokya, Knights of the Altar (Chiro Youth Organization), hanggang sa unti-unting pagkilala sa sambayanan tulad ng Ateneo Catechetical Instruction League (ACIL), Student Catholic Action (SCA), Sodality Movement, Lakas Diwa, De Colores, Pagpapaunlad ng Lipunan (SPL), Ateneo College Choir, Summer of Service (SOS), at Spiritual Direction. Samakatuwid, ang tugon sa tawag na manilbihan sa sambayanan o kaharian ng Diyos ay may pinagmulang punla mula sa pamilya, tao, mga sitwasyon, at mga organisasyon na nakapalibot sa atin. At sa buhay ng ating mga batang bayani, ang samahang kanilang napabibilangan ang siyang nagbigay anyo at diwa sa punla ng loobing mapagbigay. Kung tutuusin, lubos na naisapuso at nabigyang buhay nina Edjop, Eman, Ditto at mga kasamahan ang "Panalangin Maging Bukas Palad" ni San Ignacio de Loyola na siyang panghuling panalangin sa lahat ng Ignatian retreats.

Kasama sa tugon na binigyang buhay sa aklat na *Living and Dying*, ay ang pagbigay buhay nina Nick, Manny, Lazzie, Ditto, Dante, Eman, Edjop, Sonny, Jun, Bill, at Ferdie sa ating katutubong diwa ng *karapatan* at *katarungan.* Ayon sa pagdalumat ni Jose W. Diokno, ang salitang *karapatan* na nagmula sa salitang-ugat na *dapat*, ay nagpahihiwatig ng kung ano ang dapat at tama; samantalang ang salitang *katarungan* naman na mula sa salitang ugat na *"tarong"(*Cebuano), ay nagpahihwatig ng kung ano ang *"wasto"* (Diokno 1987, 6) Sa panahon ng batas-militar kung saan naging laganap ang "salvaging", kawalan ng trabaho, karukhaan, eksploytasyon sa mga manggagawa, pagdadampot at pagpapahirap sa mga nagpapahayag ng katotohanan (Diokno 1987, 6-12), ang isang taong nag-iisip, at nagninilay sa mga pangyayari sa kapaligiran at nakadarama sa hinagpis ng kanyang kapwa at ng Diyos sa kawalan ng kawastuhan sa kanyang lipunan ay hindi mag-aatubiling tumugon sa pangangailangan ng kapwa Pilipino upang mapairal ang

katarungan at maibalik muli ang kawastuhan.

Gaya ng nabanggit ko na sa unahan, mahalaga ang aklat na ito ni Cristina Jame Montiel para sa atin ngayon na naghahanap ng magandang balita sa gitna ng nagsasawalang-kibong kabataan na wari'y tinatakpan na ang kakanyahang makarinig sa pamamagitan ng mga suot na *ipod* sa tenga, maging sila man ay nasa kalye, sa sasakyan, o sa pag-aaral. Mahalaga rin ang aklat na ito bilang pambukas ng ating kakanyahang makadama at makita ang taong ating kausap sa gitna ng walang sawa nating pagbubuhos ng pansin sa pagteteksting. Sa mga guro, na nangangailangan ng pambukas ng talakayan, nagbigay ng kontribusyon ang mga guro sa History, Political Science, Sociology, Theology, at Philosophy ng Ateneo de Manila University ng mga tanong na inihanda sa huling mga pahina ng aklat.

Nawa'y sa tuwing aawitin natin ang panalangin ni San Ignacio de Loyola ay mapasalamatan at maalala natin ang bukas palad na paghahandog ng sarili ng labing-isang aktibista ng Ateneo de Manila University at magabayan tayong makinig at tumugon ng ayon sa nararapat.

> "Panginoon, turuan mo akong maging bukas-palad,
> Turuan ko akong maglingkod sa Iyo,
> Na magbigay ng ayon sa nararapat,
> Na walang hinihintay, mula sa 'Yo.
>
> Na makibakang di inaalintana,
> Mga hirap na dinaranas
> Sa twina'y magsumikap na hindi humahanap
> Ng kapalit na kaginhawahan
>
> Na di naghihintay kundi ang aking mabatid
> Na ang loob Mo'y siyang sinusundan."
>
> *-San Ignacio de Loyola-*

**Mga Tala**

Diokno, Jose W. 1987. *A Nation for our Children*. Philippines: Claretian Publications.

Jones, Alexander, Ed. 1974. *The Jerusalem Bible*. London: Darlton, Longman & Todd Ltd.

Penning de Vries, Piet. 1972. *Discernment of Spirit, According to the Life and Teaching of St. Ignatius of Loyola*. New York: Exposition Press.

**GERALDINE C. VILLALUZ**
Philippine Studies PhD Program
University of the Philippines Diliman